

# ORATIO *Lipensis*

Panginoon naming Diyos, muli po kaming nahaharap sa pagsubok dulot ng pagaalbuoto ng Bulkang Taal. Hindi po namin kayang labanan ito. Ngunit kami'y nanalig na ito'y masusupil ng Inyong kapangyarihan at ng amin ding pagdadamayan at bayanihan.

Alalayan po ninyo kami na bigyan nawa ng masisilungan ang mga lumikas. Ilayo po Ninyo sa panganib ang mga sumasaklolo sa kapwa.

Ingatan po ninyo ang lahat ng pamilya, lalo na ang mga bata at matatanda, mga may sakit at may kapansanan, mga mahihirap at nag-iisa.

Kupkupin nawa kami ng Poong San Jose at Mahal na Birhen ng Caysasay, sa pamamagitan ni Kristo, Amen.

✠ GILBERT A. GARCERA, D.D.  
Arsobispo ng Lipa

